

Kamalayan ukol sa Pangmatagalang Pangangalaga gamit ang Antibiotic



Ano ang Dapat Malaman tungkol sa Respiratory Tract Infections

Ang mga impeksyon sa respiratory ay isa sa mga pinaka karaniwang impeksyon sa mga residente na nasa mga pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga at nagdudulot ng karaniwang dalawang milyong impeksyon kada taon. Nangyayari ang mga impeksyong ito kapag nakapasok ang bakterya o virus sa iba't ibang bahagi ng respiratory tract tulad ng ilong, sinuses, lalamunan at mga baga. Kabilang sa mga halimbawa ng mga impeksyon sa respiratory ang karaniwang sipon, influenza, impeksyon sa tainga, pamamaga ng lalamunan, at bronchitis. Maaaring kabilang sa mga sintomas ang:

- ❖ Tumutulo o baradong ilong
- ❖ Pananakit ng ulo
- ❖ Pagbahin
- ❖ Pagod na pakiramdam
- ❖ Pag-ubo
- ❖ Pamamaga ng lalamunan

Ang mabuting balita ay karamihan ng mga impeksyon sa respiratory ay dulot ng mga virus at kusang nawawala sa katagalan, sa pag-inom ng mga likido at pagpapahinga. Para malaman kung may impeksyon sa respiratory, susuriin ng isang health care provider ang residente para maaseso ang mga palatandaan at sintomas ng residente. Maaari ding gawin ang iba pang pagsusuri para makatulong sa pagsusuri tulad ng pag-swab sa lalamunan o sa mga daanan sa ilong. Gayunpaman, maaaring maging hamon ang tamang pagsusuri dahil sa iba't ibang dahilan. Kadalasan hindi malinaw na nasasabi ng matatanda na nasa mga lugar ng pangmatagalang pangangalaga ang tungkol sa kanilang mga sintomas.

Tungkol sa Mga Antibiotic

Ang mga antibiotic ay layong gamitin para gamutin ang mga impeksyong dulot ng bakterya. Hindi sila epektibo sa mga sakit na sanhi ng mga virus. Ang paggamit ng mga antibiotic kapag hindi sila kinakailangan, o kapag hindi wasto ang paggamit dito, ay maaaring humantong sa hindi pagtalab ng antibiotic, ibig sabihin hindi mapupuksa ng karaniwang mga antibiotic ang mga impeksyong dulot ng mga germs na ito. Maaari ding mangyari ang iba pang mga problema gaya ng hindi magagandang reaksyon, pagtatae, C. diff, at mga allergy. Ang mga resident na gumagamit ng mga antibiotic ay nasa malaking panganib ng pagkakaroon ng C. diff na impeksyon. Kapag binigyan ng antibiotic, dapat inumin ng resident ang gamot tulad ng itinagubilin. Titiyakin ng nursing staff na lahat ng dosis ay kumpletong naibigay.

